INTERCEDE
CCF PRAYER & FASTING

# BROKENNESS
## THE PATH TO BLESSING

JANUARY 12-17, 2026

TAGLISH

# MENSAHE MULA SA ATING SENIOR PASTOR

Mapagpalang Bagong Taon sa dakilang Pangalan ng ating Diyos at tagapagligtas na si Hesu-Cristo!


Malugod nating sinasalubong ang taong 2026 sa pamamagitan ng ating taunang CCF Prayer and Fasting Week.

Layunin nating simulan ang bawat taon sa pamamagitan ng paglapit sa Diyos sa panalangin at pag-aayuno upang ipaalala sa atin na lahat ng ating ginagawa ay para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa pagpapalaganap ng Kanyang kaharian. Ang lahat ay dapat magsimula at magtapos sa panalangin. Ang tema natin sa taong ito ay Brokenness: The Path to Blessing. Sa taong ito, ating pagninilayan kung paanong ang tunay na brokenness ay nagpapahayag ng kababaang-loob at pagtanggi sa sarili, gaya ng ginawa ng ating Panginoong Hesu-Cristo sa Kanyang buhay at ministeryo – isang ganap na pagtiwala sa Ama, na nagpapakita ng lubos na pagsunod, ganap na pagsuko at pusong mahabagin.

Ang panalangin ko sa bawat araw ng linggong ito ng pananalangin at pagaayuno ay, muli ninyong maranasan ang Diyos nang may bagong sigla, maranasan ang Kanyang mga himala, masaksihan ang Kanyang mga milagro at matanggap ang Kanyang mga sagot sa inyong mga panalangin habang nagninilay-nilay kayo sa Kanya, sa Kanyang salita at sa Kanyang kamangha-manghang gawa. Habang patuloy nating isinisulong ang ating misyon at hangarin na gawing alagad ang marami. Itinataas natin ang ating mga puso sa Diyos upang Siya ang muling magpaliyab ng apoy sa ating mga buhay, habang buong puso nating inaasahang makapagpalago pa ng mas maraming alagad para sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian. Nawa'y palagi nating maalala kung gaano Siya katapat noon, gaano Siya kabuti sa kasalukuyan, at gaano Siya lubos na makapangyarihan sa hinaharap.

Pagpalain nawa ng Diyos ang Kanyang mga anak or CCF habang inaalay natin ang buong taong ito sa Panginoon!

Kay Cristo,



**Dr. Peter Tan-Chi**
SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

# TABLE OF CONTENTS

## GUIDE


| | |
|---|---|
| Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno? | 05 |
| Bakit tayo dapat mag-ayuno? | 06 |
| Iba't ibang uri ng pag-aayuno | 10 |
| Simula at pagwawakas ng pag-aayuno | 11 |
| Pag-iingat | 11 |
| Mga mungkahi sa panalangin: C-A-S-T | 13 |


## DEVOTIONS


| | |
|---|---|
| Day 1: Ang mga Bansa | 15 |
| Day 2: Ang Simbahan | 22 |
| Day 3: Ang Pamilya at ang Kabataan | 29 |
| Day 4: Paghilom | 36 |
| Day 5: Trabaho at Kayamanan | 43 |
| Day 6: Ganap na Tagumpay | 50 |

**LORD'S SUPPER GUIDE** 57

**PRAYER LIST** 59

# SAMA-SAMA TAYONG MAG-AYUNO AT MAGDASAL

Ang ating dalawang beses sa isang taon na Prayer and Fasting ay isinasagawa tuwing simula at kalagitnaan ng taon bilang pagpapahayag ng ating pagtiwala sa Diyos at upang iayon ang ating mga puso sa Kanyang kalooban.

Habang tayo ay nag-aayuno at nananalangin bilang isang simbahan mula Lunes hanggang Sabado, nawa'y maunawaan natin na bagama't maaaring wala tayong kasagutan sa lahat ng tanong, mayroon tayong kapayapaan at direksyon sa paglapit natin sa Panginoon. Sa ating pagkalugmok, hinahayaan ng Diyos na maranasan natin ang Kanyang lakas at pagpapala, mga bagay na Siya lamang ang makakapagbigay.

Magsama-sama tayo sa pagkakaisa ng puso, na may kagalakan at tiwala, at may pag-asang ipapahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban sa ating buhay.

Malugod namin kayong inaanyayahan sa ating Prayer and Fasting ngayong taon na may temang:

**Brokenness: The Path to Blessing**


# ANO ANG PANALANGIN?

Ang pananalangin ay ang pakikipagusap, pakikipagniig sa Diyos, at ang pakikinig sa Kanya upang maisang-ayon ang ating kalooban sa Kanyang kalooban. Lumalapit tayo sa Diyos sa pangalan ni Jesus, ayon sa Kanyang salita (ang Bibliya) at sa paggabay ng Banal na Espiritu. Sa tuwing tayo’y mananalangin, ibinubuhos natin ang ating puso sa pagpapasalamat sa ating Ama sa langit. Ipinapahayag natin sa Kanya ang ating pangangailangan at ang pangangailangan ng iba, at hinihiling natin na maghari ang Kanyang kaharian at matupad ang Kaniyang kalooban sa ating mga buhay. (Mateo 6:9-13; 1 Juan 5:14-15; Juan 16:23-24; Judas 20).

# ANO ANG PAG-AAYUNO?

Ang pag-aayuno ay ang kusang-loob na pag-iwas sa pagkain sa loob ng itinakdang panahon upang ipakita ang pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan, taimtim na hanapin ang kalooban ng Diyos, at magkaroon ng mas malalim na pakikipagniig sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kaniyang Salita at pananalangin. Ang pagtatanggal ng isang bagay na mahalaga gaya ng pagkain ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong ipakita kung gaano tayo kaseryoso at kadeterminado na iayon ang ating puso sa puso ng Diyos, na may pagpapakumbabang humingi ng Kanyang kasagutan sa ating mga tanong, Kanyang probisyon sa ating pangangailangan, at Kanyang kapangyarihan para sa mga espiritwal na tagumpay.

Habang ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay maari ring umiwas mula sa ibang bagay tulad ng libangan, palakasan at social media, ang pag-iwas sa pagkain ang karaniwang ipinapakita sa Bibliya, dahil maari tayong mabuhay nang matagal nang wala ang maraming bagay, ngunit hindi tayo mabubuhay nang walang pagkain. Sa pamamagitan ng pag-aayuno, ipinapakita natin na pinipili natin ang Diyos at ang Kaniyang kaluguran higit sa anumang bagay na nagbibigay-buhay sa ating katawan. (Nehemias 1:4, 9:1; Ester 4:3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6:16-18; Mga Gawa 13:2; Isaias 58).



# BAKIT TAYO DAPAT MAG-AYUNO?

## INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO.

*Kapag kayo'y nag-aayuno, huwag kayong magmukhang malungkot tulad ng mga mapagkunwari. Hindi sila nag-aayos ng sarili upang mapansin ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Sa halip, kapag nag-aayuno ka, maghilamos ka, lagyan mo ng langis at ayusin mo ang iyong buhok*
*– Mateo 6:16-17*

Sinabi ni Jesus na "sa tuwing nag-aayuno ka", hindi "kung mag-aayuno ka". Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

## NAG-AYUNO SI JESUS.

*Siya'y nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya't siya'y nagutom.*
*– Mateo 4:2*

Bago ang pag miministeryo ni Jesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo'y mas nagiging handa upang tuparin ang gawain ng Diyos.

## NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA

*Pagkatapos nilang mag-ayuno at manalangin, ipinatong nila sa dalawa ang kanilang mga kamay at sila'y pinahayo na.*
*– Gawa 13:3 (tingnan din ang Gawa 14:23)*

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamummuno sa iba't ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.

## ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS.

*Kapag sila'y may sakit, ang ginagawa ko, nagdaramit-luksa at nag-aayuno; at nananalangin na yuko ang ulo.*
*– Mga Awit 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)*

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikinggan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.



## SA PAG-AAYUNO TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU

*Mula sa Jordan, bumalik si Jesus na puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu sa ilang at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso siya ng diyablo. Hindi siya kumain ng anuman sa buong panahong iyon, kaya't siya'y nagutom.*

*– Lucas 4:1-2 (tingnan din ang Mga Gawa 13:2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)*

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

## ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA

*ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain.*


*– 2 Cronica 7:14*

*Dahil dito, buong taimtim akong nanalangin at nakiusap sa Panginoong Diyos. Nag-ayuno ako, nagsuot ng damit-panluksa at naupo sa abo.*

*– Daniel 9:3*

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawa't isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

## ANG PAG-AAYUNO AY MABUTI PARA SA





## ATING KALUSUGAN

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nilinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pagayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

*(mula sa "What Does the Bible Say About Fasting?",*
*Christ Unlimited Ministries, www.bible.com)*

# IBA'T IBANG URI NG PAG-AYUNO

Marahil ay kasing dami ng paraan ng pag-aayuno ang mga paraan ng pananalangin, ngunit ang apat na ideyang ito ay magandang panimula

## NORMAL NA PAG-AAYUNO

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang lingo), lalo na't kung may mga medical na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa doktor kung nagpaplano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

## BAHAGYANG PAG-AAYUNO


Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng particular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

## JUICE FAST

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

## OTHER FAST

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, pag-gamit ng social media, o pag-gamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)



# SIMULA AT PAGWAWAKAS NG PAG-AYUNO

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pag-kain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pag-kain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.

# PAG-IINGAT

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal.

Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain.
- Ang mga mabilis manghina o anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO. Tandaan na may mga doctor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

# MANALANGIN AT MAG-AYUNO KASAMA ANG INYONG MGA ANAK

I-download ang NXTGEN Prayer & Fasting Booklet para sa mga pamilya na may mga batang edad 7 hanggang 12

**go.ccf.org.ph/IntercedeKids**

NXTGEN

# MGA MUNGKAHI SA PANANALANGIN

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/sumusunod na araw, pag-aralan natin na gamitin sa panalangin ang Salita ng Diyos gamit ang balangkas sa ibaba:

**C**

## CONFESSION (PAG-AMIN)

Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-nais sa Kaniya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga kasalanang hind mo namalayan na iyong nagawa.

**A**

## ADORATION (PAGSAMBA)

Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga katangian – lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong buhay.

**S**

## SUPPLICATION (PAGSUSUMAMO)

Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon. Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan, iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

**T**

## THANKSGIVING (PASASALAMAT)

Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may pananampalataya hindi lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal Kundi para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.

# DEVOTIONS





DAY 1

# ANG BANSA

## BASAHIN

### 2 Cronica 7:12-18

12 Isang gabi, nagpakita sa kanya si Yahweh at sinabi sa kanya: “Na-
rinig ko ang iyong panalangin at tinatanggap ko ang lugar na ito upa-
ng dito ninyo ako handugan. 13 Isara ko man ang langit at hindi na
umulan; utusan ko man ang mga balang upang salantain ang lupaing
ito; magpadala man ako ng salot sa aking bayan, 14 ngunit kung ang
bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba,
manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papa-
kinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga
kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain. 15 Baban-
tayan ko sila at papakinggan ko ang mga panalanging iniaalay nila rito.
16 Pinili ko at iniuukol ang Templong ito upang dito ako sambahin mag-
pakailanman. Lagi kong babantayan at mamahalin ang Templong ito
magpakailanman. 17 Kung mananatili kang tapat sa akin gaya ng iy-
ong amang si David, kung susundin mo ang lahat kong mga utos at
tuntunin, 18 patatatagin ko ang iyong paghahari. Tulad ng pangako ko
sa iyong amang si David, hindi siya mawawalan ng anak na lalaki na
maghahari sa Israel.

# PAGNILAYAN ITO

1. Ayon sa talata 13, anu-ano ang mga pagsubok na maaaring maranasan ng Israel at ano ang posibleng maging dahilan kung bakit dumarating ang mga pagsubok na ito? (tignan din ang 2 Cronica 6:24, 26, 34-36),
2. Sa talata 14, ano ang hinihingi ng Panginoon na gawin ng bansa – isa-isahin ang bawat hakbang  (hal. magpakumbaba, manalangin, talikuran ang masamang mga gawa). Bakit ang mga hakbang na ito ay pagpapakita ng brokenness?
3. Anong pagpapala ang ipinangako ng Diyos sa bayan kapag ito ay nagpakumbaba at bumalik sa Kanya (vv. 14–16), at ano ang tiyak na utos at pagpapalang ibinigay ng Diyos kay Haring Solomon sa vv. 17–18?





# IPAMUHAY ITO

Ang Pilipinas gaya ng bawat bansa sa mundo ay patuloy na humaharap sa maraming hamon. Maliwanag na itinuturo ng talatang ito kung paano tayo, nararapat tumugon, bilang bayan ng Diyos.

1. Anu-ano ang mga pagsubok na kinakaharap ng ating bansa ngayon (isulat ang lahat ng maisip mo) at paano ka personal na tumutugon sa mga ito – walang pakialam? Galit? O iba pa? Bakit?

2. Ayon sa talata 14, sino ang dapat manguna sa paglapit sa Diyos at anu-ano ang mga hakbang na dapat isagawa?

3. Bilang mga mamamayan at tagasunod ni Cristo, paano tayo mananalangin at kikilos para sa ikabubuti ng ating bansa at mga namumuno (v. 17)?


# PAG-AMIN



Huminto at anyayahan ang Panginoon na siyasatin ang iyong puso. Lumapit sa kaniya nang may katapatan at pagpapakumbaba. Ipahayag ang iyong mga kasalanan at maging ang kasalanan ng ating bansa. Tandaan “ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat ay ang pakumbaba’t pusong mapagtapat.” (Awit 51:17). Ipagkatiwala sa Kaniya ang lahat ng iyong pagkukulang at ng bansa. Umasa sa Kaniyang habag at biyaya.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Ibigay ang buong-puso at papurihan ang Diyos dahil kung sino Siya at sa lahat ng Kaniyang ginawa. Purihin ang Diyos para sa:

1. Kaniyang kapangyarihang naghahari sa lahat
2. Kaniyang masaganang kapatawaran sa pamamagitan ni Cristo
3. Kaniyang wagas na habag at tulong kahit hindi tayo karapat-dapat
4. Kaniyang kamangha-manghang probisyon sa oras ng pangangailangan
5. Kaniyang mga dakilang gawa noon na nagpapaalala na Siya ay tapat magpakailanman

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO




Ibigay mo sa Diyos ang iyong kahilingan nang may pananampalataya. Hillingin ang Kanyang makapangyarihang pagkilos sa mga pangangailangan ng iyong tahanan, trabaho, maging ang bansa/mundo. Ipanalangin natin ang mga pinuno ng ating bansa at ng buong mundo, na sila ay pangunahan ng makadios na karunungan at pukawin ng katotohanan sa kanilang mga desisyon. Idulog mo sa Diyos ang suliranin, na nagtitiwalang Siya ang may kontrol sa lahat.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGPAPASALAMAT

Magpasalamat tayo sa Diyos sa mga pagpapalang ibinigay Niya sa ating bansa at sa mga pinunong Kaniyang itinalaga. Alalahanin ang mga panahon sa kasaysayan kung kailan iniligtas at iningatan Niya ang ating bansa. Magpasalamat tayo dahil Siya ang Diyos na nakakakita, nakakarinig at kumikilos ayon sa Kanyang ganap na kalooban. Magalak tayo dahil ang Kaniyang katapatan ay nananatili sa lahat ng salinlahi.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN





DAY 2

# ANG SIMBAHAN

## BASAHIN

### Pahayag 2:1-7

1 "Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Efeso:

"Ito ang sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang
kamay at lumalakad sa gitna ng pitong ilawang ginto. 2 Alam ko ang mga
ginagawa mo, ang iyong mga pagpapagal at matiyagang pagtitiis. Alam
kong hindi mo kinukunsinti ang masasamang tao. Sinubok mo ang
mga nagsasabing sila'y apostol, at napatunayan mong sila'y huwad.
3 Alam ko ring matiyaga ka, nagtiis ng maraming hirap alang-alang sa
akin at hindi ka sumuko. 4 Subalit may isang bagay na ayaw ko sa iyo:
iniwan mo na ang pag-ibig mo noong una. 5 Alalahanin mo ang dati
mong kalagayan; pagsisihan mo at talikuran ang iyong masasamang
gawa, at gawin mong muli ang mga ginagawa mo noong una. Kapag
hindi ka nagsisi, pupunta ako diyan at aalisin ko sa kinalalagyan ang
iyong ilawan. 6 Ngunit ito naman ang napupuri ko sa iyo; kinapopootan
mo ring tulad ko ang mga ginagawa ng mga Nicolaita.


7 "Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya!

"Sa magtatagumpay ay ibibigay ko ang karapatang kumain ng bunga ng punongkahoy ng buhay na nasa Paraiso ng Diyos."

# PAGNILAYAN ITO

1. Sino ang nagsasalita sa mga talatang ito, bakit ito mahalaga? (Basahin ang Pahayag 1:20 para sa kahulugan ng mga bituin, ilawan at mga anghel. Ang mga anghel ay maaaring tumukoy sa mga sugo ng Diyos o sa mga pastor sa bawat igelsiya; ang mga ilawan ay ang mga iglesiya.)
2. Ano ang mga mabubuting bagay na pinupuri ng Panginoon sa iglesiya sa Efeso (vv. 2-3) at ano ang Kanyang hinanakit laban sa kanila (v. 4)? Bakit ito mahalaga?
3. Sa talata 5, gaano kaseryoso ang problema ng Iglesiya at paano sila tinatawag ni Jesus na tumugon ng may pagsisisi at pagpapakumbaba? Ano ang mangyayari kung tumanggi sila?
4. Anong pagpapala ang naghihintay sa mga lumalapit sa Panginoon nang may pagpapakumbaba at pagsunod (v. 7).





# IPAMUHAY ITO

Lubos na pinagpala ng Panginoon ang Kaniyang simbahan, ang CCF, sa paraang hindi natin maisip. Sa pamamagitan ng Kaniyang simbahan, pinagpala Niya ang maraming tao, pamilya at komunidad sa buong mundo! Ngunit sa sulat na ito sa Iglesia sa Efeso, pinaalalahanan tayo na posible palang maging abala sa gawain ng Panginoon ngunit “mawala ang ating unang pag-ibig”, na patuloy tayong kumikilos ngunit unti-unting nawawala ang simple at taos pusong debosyon natin kay Cristo

(2 Corinto 11:3)

1. Sa anong mga paraan mo nasaksihan ang pagpapala ng Diyos sa Kanyang iglesiya, at sa CCF, mula nang maging bahagi ka nito?

2. Paano maaaring mawala ng isang iglesia ngayon - tulad ng CCF – ang unang pag-ibig nito kay Cristo?

3. Paano mo mailalarawan ang relasyon mo kay Jesus sa ngayon? Paano mo ito maipapaliwanag at bakit?

4. Nangako si Jesus ng pagpapala sa mga “nagtatagumpay”. Palagi ka bang napupuno ng Banal na Espiritu upang mapaglabanan ang tukso at kasalanan? Paano ka dapat humingi ng tulong sa Panginoon sa usaping ito?

# PAG-AMIN

Balikan mo ang mga sandalling naging abala ka sa mga gawain sa simabahan o ministeryo, ngunit unti-unting lumalayo ang iyong puso kay Jesus, ang iyong unang pag-ibig. Magpakumbaba ka sa harap Niya at humingi ng kapatawaran sa mga panahong nagkulang ka at hindi mo napanghawakan ang iyong relasyon sa Kanya.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Huminto at magnilay kung paano inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa buong kasaysayan at sa iyong buhay. Purihin Siya para sa:

1. Kaniyang wagas na pag-ibig at malasakit sa iyo.
2. Kaniyang karunungan at katapatan sa Kanyang pangako
3. Ang Kaniyang pagiging malapit at maasikaso sa Kaniyang mga tao.
4. Kaniyang masaganang kaloob ng Banal na Espiritu.
5. Kaniyang pagtitiyaga at masaganang biyaya sa iyo.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO




Sa pagpapakumbaba at pananampalataya, manalangin ka na bigyan ka ng lakas ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang tapat at tuloy-tuloy kang sumunod sa Kanya. Idalangin mo na hindi ka maging abala sa maraming bagay na hindi mo na nabibigyan ng panahon si Jesus. Hilingin mo na patuloy nating gawin ang mga bagay na kalugod-lugod sa Panginoon. Idulog mo sa Diyos ang CCF bilang iglesiya, upang magpatuloy tayo sa mga gawaing nakalulugod sa Panginoon at hindi natin kailanman makalimutan ang ating unang pag-ibig kay Jesus

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGPAPASALAMAT

Magpasalamat sa Diyos sa kaloob na kaligtasan at sa pribilehiyong maging kabilang sa Kaniyang sambahayan. Purihin Siya sa Kaniyang kabutihan sa iyong buhay, sa Kaniyang pag-iingat at paggabay, sa Kaniyang mga pahayag at karunungan, at sa patuloy na pagpapalakas ng Banal na Espiritu.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN





DAY 3

# ANG PAMILYA AT ANG KABATAAN

## BASAHIN

### 2 Hari 22:2, 8, 11, 13, 19

2 Naging kalugud-lugod siya kay Yahweh sapagkat sinundan niya ang
halimbawa ng ninuno niyang si David na buong katapatang sumunod
sa mga utos ng Diyos.
8 Pagdating ni Safan sa Templo, sinabi sa kanya ng pinakapunong
paring si Hilkias, "Natagpuan ko sa Templo ni Yahweh ang aklat ng
Kautusan." Ibinigay niya ito kay Safan at binasa naman nito.
11 Nang marinig ng hari ang nilalaman ng aklat, pinunit niya ang kanyang
kasuotan.
13 "Sumangguni kayo kay Yahweh alang-alang sa akin at sa buong
Juda tungkol sa nilalaman ng aklat na ito. Matindi ang galit ni Yahweh
sa atin dahil sa pagsuway ng ating mga ninuno sa mga ipinag-uutos sa
aklat na ito."
19 Narinig ko ang iyong pagtangis nang malaman mo ang sumpa at
parusang igagawad ko sa bayang ito. Nakita ko ang pagsisisi mo, ang
iyong pagpapakababa sa harapan ko, pati ang pagpunit mo sa iyong
kasuotan.

# PAGNILAYAN ITO

Ilarawan si Josias bilang isang hari (2 Hari 22:1-2 and 11-13).

1. Ano ang kahalagahan ng pagpunit ni Josias ng kaniyang damit nang marinig niya ang nilalaman ng aklat ng kautusan? Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa lalim ng kanyang pagsisisi, pagpapakumbaba at brokenness sa harap ng Diyos?
2. Ano ang ipinahihiwatig ng pagnanais ni Josias ng agarang paghahanap ng gabay ng Diyos tungkol sa kanyang mga pangunahing layunin bilang isang pinuno?
3. Paano nagresulta sa pagpapala ang tugon ni Josias matapos nilang mapabyaan ang kautusan? (v. 18-20) Ano ang pagpapalang ibinigay sa Kanya ng Diyos?



# IPAMUHAY ITO

Sa halip na patigasin ang kanyang puso, nagpakumbaba ang batang Haring Josias sa harap ng Diyos at inamin ang pagsuway ng bansa. Dahil sa pagsisisi at pagpapakumbaba ni Josias, dininig ng Diyos ang kanyang panalangin at ipinangakong hindi niya makikita ang darating na kapahamakan sa Juda.

Sa halip, pinagpala si Josias ng kapayapaan sa panahon ng kanyang paghahari at tiniyak ng Diyos na mamamatay siyang marangal bago bumagsak ang paghatol sa bansa.

1. Naalala mo ba ang isang pagkakataon na ang kasalanan ay nagdulot sa iyo ng matinding kalungkutan? Paano ka lumapit sa Diyos noong sandalling iyon? Kung may pinagdadaanan ka ngayon, ilapit mo ito sa Diyos nang may tapat na pagsisisi.

2. Bilang pinuno sa iyong pamilya, paaralan, trabaho, simbahan, o maliit na grupo, paano mo maipapakita ang pagpapakumbaba sa mga nakakakita sa iyong buhay?

3. Hingin mo sa Diyos na ipakita kung may anumang utos, direksyon o tagubilin na matagal mo nang hindi sinusunod, lalo na sa relasyon mo sa iyong pamilya. Ipahayag mo ito, magsisi at pagpasiyahan kung anong hakbang ng pagsunod ang iyong gagawin bilang tanda ng tunay na pagsisisi.

# PAG-AMIN



Hilingin sa Diyos na ipakita ang mga bahagi ng iyong buhay na hindi mo sinunod o iyong binalewala ang kaniyang mga utos, maging malaki man o maliit. Suriin kung saang aspeto ka nabigong mamuno o kumilos ayon sa Kaniyang salita. Magsisi at manalangin para sa kanyang kapatawaran.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Huminto at sambahin ang Diyos ayon sa kung sino Siya:

1. Banal at makatarungan
2. Tapat sa kaniyang Salita
3. Puno ng awa at habag
4. Mapanuri at mabilis tumugon
5. Panginoon na naghahari sa mga bansa at sa kasaysayan.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO

Idalangin na ang mga pamilya ay magkaroon ng takot sa Panginoon, karunungang mula sa Diyos at katatagan ng loob. Ipanalangin ang kabataan na mapagtagumpayan ang takot at buong tapang yakapin ang tawag ng Diyos. Hilingin mo sa Diyos ang Kanyang biyaya upang mamuhay sa ganap na pagsunod, at para bigyan ka ng Espiritu Santo ng lakas upang magawa ang Kanyang layunin para sa'yo.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGPAPASALAMAT



Magpasalamat sa Diyos sa pagpili at paghahanda Niya sa Kaniyang mga lingkod lalo na ang kabataan at pamilya. Siya ang umaayos ng mga sitwasyon patungo sa tunay na pagsisisi at Kaniyang pinapakinggan ang ating mga panalangin na may awa at malasakit.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN



DAY 4

# PAGHILOM

## BASAHIN


### Marcos 7:24-30

24 Umalis doon si Jesus at nagpunta sa lugar na malapit sa Tiro [at ng
Sidon]. Tumuloy siya sa isang bahay doon at ayaw niyang malaman
ninuman na naroon siya. Subalit hindi ganoon ang nangyari. 25 Ang
pagdating niya'y nabalitaan ng isang babae na may anak na babaing
sinasapian ng masamang espiritu. Pumunta agad kay Jesus ang ina at
nagpatirapa sa kanyang harapan. 26 Ang babaing ito'y isang Hentil na
taga-Sirofenicia. Nakiusap ito kay Jesus na palayasin ang demonyong
sumapi sa kanyang anak. 27 Ngunit sinabi ni Jesus, "Kailangang ang
mga anak muna ang pakainin. Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga
anak upang ihagis sa mga aso." 28 Tugon ng babae, "Tunay nga po,
Panginoon, ngunit maging ang mga asong nasa ilalim ng mesa ay
kumakain ng mga nalalaglag mula sa kinakain ng mga anak." 29 Kaya't
sinabi sa kanya ni Jesus, "Dahil sa sinabi mo, maaari ka nang umuwi.
Iniwan na ng demonyo ang iyong anak." 30 Umuwi ang babae at naratnan
niya sa higaan ang bata. Iniwan na nga ito ng demonyo.

# PAGNILAYAN ITO

1. Ilahad ang mga detalye tungkol sa pinagmulan at buhay ng babae. Bakit ang paglapit niya kay Jesus ay itinuturing na hindi pangkaraniwan o mapangahas noong panahong iyon?
2. Paano sinubok ni Jesus ang pananampalataya ng babae sa Kaniyang tugon? Ano ang ipinakita ng kaniyang sagot tungkol sa kaniyang kababaang-loob, brokenness at pagkaunawa niya kung sino si Jesus? (v. 27-28)
3. Anong pagbabagong espiritwal o aral ang nakikita mo na naganap sa kwento para sa babae, sa mga alagad at maging sa atin na nagbabasa ngayon?





# IPAMUHAY ITO

Ang babaeng Sirofenicia ay naging larawan ng brokenness at mapagkumbaba. Sa harap ng Panginoon, kinilala niya ang kaniyang kawalang karapatan, ngunit matatag siyang kumapit sa pananampalataya, naniniwalang kahit ang mumunting piraso ng kaniyang habag ay may taglay na kapangyarihang magpagaling. Spiritual brokenness ang naranasan niya. Alam niya na wala siyang karapatan sa anumang pabor ng Diyos, ngunit buong pagtitiwala pa ring sumasampalataya sa Kaniyang kabutihan at biyaya.

1. Tulad ng babaeng Sirofenicia, kailan mo naranasan ang matinding kawalan ng pag-asa o pakiramdam na hindi ka karapat-dapat sa Diyos? Paano nito hinuhubog ang iyong pananampalataya at pagtitiwala sa Kaniya? Ngayong linggo, pumili ng isang kahilingan at dalhin ito sa Diyos nang may kababaang-loob at patuloy na pananalangin.

2. Sa anong aspeto ng iyong buhay ka inaanyayahan ng Diyos na iwan ang pagmamataas o lubos na pagtitiwala sa sarili tungo sa tunay na pagsuko sa Kaniya?

3. Sino sa iyong buhay ang nangangailangan ng malalim na kagalingan mula sa Diyos ngayon? Idalangin mo sila nang may pananampalataya, kababaang-loob at pagtitiyaga. Gumawa ng isang praktikal na paraan para ipadama ang pag-ibig ng Diyos – tulad ng paghahanda ng pagkain, pag-alok ng tulong o pagpapadala ng mensaheng pampalakas ng loob.

# PAG-AMIN

Pagnilayan mo kung paano ka humaharap sa Diyos. Humingi ng tawad kung minsan ay lumapit ka na parang may inaangkin, imbes na may kababaang-loob. Ipahayag ang mga oras na hindi ka naging masigasig manalangin para sa iyong mga mahal sa buhay. Kilalanin mo rin ang mga pagkakataong nagduda ka o hindi mo lubos pinaniwalaan ang Kaniyang kapangyarihang magpagaling.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Itaas mo ang puso mo sa pagsamba sa Diyos. Purihin Siya para sa:

1. Kaniyang habag at awa
2. Kaniyang kapangyarihang magpagaling
3. Kaniyang banal na karunungan na sumusubok at nagpapalalim ng ating pananampalataya
4. Kaniyang pusong tumatanggap at nagbubukas ng kaharian sa lahat ng tunay na sumasampalataya

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO



Dalhin mo sa Diyos ang mga bahagi ng iyong buhay na nangangailangan ng nangangailangan ng Kaniyang paghilom. Humingi nang may pagpapakumbaba at pananampalataya. Idulog mo rin ang sinumang nangangailangan ng himalang kagalingan, na nawa'y matutunan nilang magtiwala sa Diyos gaya ng babaeng tiga-Sirofenicia. Ipanalangin na hubugin ka ng Panginoon upang maging matapang at tapat na tagapamagitan para sa kapwa.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGPAPASALAMAT



Alalahanin ang mga pagkakataong pinagaling ka ng Diyos o ang isang mahal mo sa buhay at magpasalamat sa Kaniya. Pasalamatan Siya para sa Kaniyang walang hanggang biyaya at habag na araw-araw nating nararanasan.

Pasalamatan Siya nang may pagtitiwala na alamnatingdinirinigNiyaangatingpanalangin at sinasagot Niya ang mga ito sa Kaniyang tamang panahon.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN





DAY 5

# TRABAHO AT KAYAMANAN

## BASAHIN

**Filipos 4:10-13**


[10] Labis akong nagagalak sa Panginoon sapagkat pagkaraan ng
mahabang panahon, minsan pang ipinamalas ninyo ang inyong
pagmamalasakit sa akin. Alam kong hindi ninyo ako nalilimutan, wala
nga lamang kayong pagkakataong ipamalas ito. [11] Hindi ko sinasabi
ito dahil sa kayo'y pinaghahanapan ko ng tulong. Natutunan ko nang
masiyahan, maging anuman ang aking kalagayan. [12] Alam ko kung
paano maghikahos; alam ko rin kung paano managana; natutunan
ko na ang sikreto kung paano masiyahan sa anumang kalagayan sa
buhay, ang mabusog o ang magutom, ang managana o ang maghirap.
[13] Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni
Cristo.


(Kaugnay na talata) **2 Tesalonica 3:7-9**

[7] Alam naman ninyo na dapat ninyong tularan ang aming ginawa. Hindi
kami naging tamad nang kami'y kasama pa ninyo. [8] Hindi kami nakikain
kaninuman nang walang bayad. Nagtrabaho kami araw-gabi upang
hindi makabigat kaninuman sa inyo. [9] Ginawa namin ito hindi dahil sa
wala kaming karapatan sa inyong tulong, kundi upang kayo'y bigyan
ng halimbawang dapat tularan.

# PAGNILAYAN ITO

1. Nang sulatin ni Pablo ang mga salitang ito, nasa panahon siya ng matinding pangangailangan dahil nakakulong siya. Ikaw naman, ano ang pinakamatindi mong pangangailangan sa ngayon lalo na sa hanapbuhay, pera o sa iba pang bagay?
2. Si Pablo ay dumaan sa maraming pagsubok (tignan 2 Corinto 11:23-29) ngunit nagpakita siya ng tunay na kababaang-loob. Batay sa vv. 11-12, ano ang mahalagang aral na kaniyang natutunan sa kabila ng lahat ng hirap?
3. Ang v. 13 ay isang kilalang talata sa Bibliya. Ano ang tunay na konteksto nito kapag ibinilang mo ito sa kabuuang talata? Paano mo ito magagamit sa pang araw-araw na buhay?
4. Ayon sa talata sa 2 Mga Taga-Tesalonica, ano ang masasabi mo tungkol sa buhay ni Pablo?





# IPAMUHAY ITO

Si Apostol Pablo ay huwaran sa dalawang mabubuting katangian, ang pagiging kuntento at ang pagsusumikap. Bilang mga Kristiyano, nawa'y makita rin sa atin ang mga katangiang ito sa ating relasyon sa iba.

1. Maglaan ka ng oras upang bilangin ang lahat ng pagpapala ng Diyos sa iyong buhay, gawing mas detalyado kung maari. Paano ka nito tinutulungan na lumapit sa Diyos nang may pagpapakumbaba?

2. Kumusta ka pagdating sa pagiging kontento sa bawat sitwasyon ng iyong buhay? Mas madalas ka bang magreklamo o magpas-alamat? (MAHALAGA: basahin Filipos 2:14-15 and 1 Tesalonica 5:18)? Paano ka pa mas lalago rito?

3. Kumusta ang iyong disiplina sa trabaho? Sa anong mga paraan ka nagiging mabuting halimbawa ng kahusayan (nang hindi nasosobrahan) na nagbibigay luwalhati sa Diyos at nagiging pagpapala sa iba? Paano mo ito mas mapapabuti?

# PAG-AMIN



Ihayag mo sa Diyos ang iyong mga takot, pag-aalala at mga pagdududa tungkol sa pagkakaroon ng sapat na pananalapi. Humingi ng kapatawaran para sa mga panahon ng katamaran at pagiging pabaya sa iyong trabaho. Ipagtapat mo rin ang iyong kakulangan sa pagiging kuntento at magpasalamat sa Diyos na nagbibigay nang higit pa sa anumang karapat-dapat sa atin.

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Itaas mo ang iyong puso sa pagsamba at alalahanin kung sino ang Diyos:

1. Ang matapat na Tagapagkaloob
2. Ang Siyang namamahala sa lahat
3. Ang mahabagin at mapagmalasakit na Manggagamot
4. Ang nagpapatatag ng ating pananampalataya

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO



Ihayag mo sa Panginoon ang lahat ng iyong pangangailangan kahit ang hindi kayang tugunan ng mundong ito. Ipanalangin mo ang mga taong dumaraan sa matitinding pagsubok at hingin sa Diyos na tulungan sila sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan at habag. Hilingin mo sa Kaniya na gamitin ang iyong trabaho, paglilingkod at araw-araw na pamumuhay upang matupad ang Kaniyang layunin at maging daluyan ng pag-asa. Idalangin mo na bigyan ka Niya ng karunungan at kasipagan upang ang iyong ginagawa ay magbigay luwalhati sa Panginoon at maging biyaya sa iba.


I S U L A T A N G P A N S A R I L I N G P A N A L A N G I N

# PAGPAPASALAMAT

Maglaan ng sandali upang magpasalamat sa Diyos sa lahat ng biyaya ngayon, maging malaki man o maliit. Pasalamatan Siya sa mga taong ginamit Niya upang tugunan ang iyong mga pangangailangan at sa mga pagkakataon na ginamit ka Niya upang maging pagpapala sa iba. Purihin Siya sapagkat Siya ang Diyos na nakakakita, nagmamahal at tapat na nagbibigay ng ating pangangailangan sa tamang panahon.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN





DAY 6

# GANAP NA TAGUMPAY

## BASAHIN

**Lucas 22:39-44**

39 Lumabas si Jesus, at gaya ng kanyang kinagawian, nagpunta siya
sa Bundok ng mga Olibo kasama ang mga alagad. 40 Pagdating doo’y
sinabi niya sa kanila, “Manalangin kayo upang hindi kayo madaig ng
tukso.”
41 Iniwan niya sila at pumunta sa di-kalayuan, at doo’y lumuhod at
nanalangin. 42 Sabi niya, “Ama, kung loloobin mo, ilayo mo sa akin
ang kopang ito, ngunit huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi
ang kalooban mo.” [43 Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa
langit at pinalakas ang loob niya. 44 Dala ng matinding hinagpis, siya’y
nanalangin nang lalong taimtim, at pumatak sa lupa ang kanyang pawis
na parang malalaking patak ng dugo.]

# PAGNILAYAN ITO

1. Ilarawan ang mga pangyayari sa oras ng pananalangin ni Jesus (vv. 39-46). Anong emosyon o mga paghihirap ang makikita natin kay Jesus habang Siya'y nananalangin sa Getsemani? Paano ipinapakita ng Kaniyang karanasan ang kababaang loob bilang tao at sa Kaniyang pagsunod sa kalooban ng Ama?
2. Ano ang itinuturo sa atin ni Jesus sa Lucas 22:42 tungkol sa pananalangin? Ano ang maaari nating matutunan mula sa Kaniyang pag-uugali at kilos sa panahon ng matinding pagdadalamhati o pagsubok?
3. Tunay na may pagpapala sa pagkadurog ng puso sa harap ng Diyos. Paano nagbunga ng pagpapala kay Jesus at sa atin ang Kaniyang panalangin ng may pagsuko at pagtatalaga sa kalooob ng Ama?



# IPAMUHAY ITO

Sa Getsemani, itinuturo sa atin ni Jesus ang tunay na kahulugan ng pagsuko at pagtitiwala. Sa gitna ng matinding pighati, ang Kaniyang pawis ay tila nagmistulang patak ng dugo habang Siya'y nananalangin ng buong pagpapakumbaba. "Hindi ang nais Ko, Kundi ang sa Iyo". Sa pagdadala ng ating kasalanan, pinili Niya ang landas ng ganap na pagsunod. Ang akalang pagkatalo ay naging unang hakbang sa tagumpay. Itinuro ng Kaniyang pagsuko na ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbubunga ng tunay na kapayapaan at tagumpay.

1. Balikan ang panahon na nahihirapan kang magpasakop sa kalooban ng Diyos. Paano mo maihahambing ang iyong panalangin sa panalangin ni Jesus sa Getsemani? Tukuyin ang isang bahagi ng iyong buhay na kailangan mong isuko sa Diyos sa pananalangin.

2. Mayroon bang ipinapagawa ang Diyos sa iyo na iniiwasan mong gawin? Ano ang nagpapahirap sa iyong manalangin ng "Hindi ang kalooban ko kundi ang sa Iyo"?

3. Isulat ang isang katangian ng Diyos—Ang Kanyang kabutihan, karunungan, o pagmamahal—na nagpapaalala sa iyo na ang Kanyang kalooban ang pinakamahusay. Dumayong sa katotohanang ito sa tuwing ikaw ay nahihirapang sumuko, at isipin ang isang tiyak na hakbang ng pagsunod na iyong gagawin kapag mangyari ito.

# PAG-AMIN

Lumapit sa Diyos nang may pagpapakumbaba. Alamin ang mga bahagi ng iyong buhay kung saan nahirapan kang magpasakop sa Kaniyang kalooban. Humingi ng kapatawaran sa mga pagkakataong pinili mo ang kaginhawaan at sariling pamamaraan sa halip na magpasakop sa Kaniya.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSAMBA



Huminto at sambahin ang Diyos para sa Kanyang mga katangian:

1. Ang Kanyang kapangyarihan at soberanya
2. Ang Kanyang pagmamahal at awa
3. Ang Kanyang katapatan
4. Ang Kanyang layunin ng pagtubos

ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGSUSUMAMO

Ihandog sa Panginoon ang mga bagay na pinakamahirap i-suko. Hingin ang biyaya na sumunod at magtiwala sa Kanya sa mga panahon ng kawalang-katiyakan, takot, o sakit. Manalangin para sa iba na nahihirapang sumunod sa kalooban ng Diyos—na sana makatagpo sila ng kapayapaan at lakas na ipinakita ni Jesus sa Kanyang pagsuko.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# PAGPAPASALAMAT

Magpasalamat kay Jesus; na walang-sala at buong pusong sumunod sa kalooban ng Ama at isinakatuparan ang ating kaligtasan sa krus. Pasalamatan ang Diyos sa kaniyang layunin na puno ng pag-ibig na hindi kailanman nabibigo at sa katiyakan na ang Kaniyang kalooban ay laging mabuti, kaaya-aya at ganap.



ISULAT ANG PANSARILING PANALANGIN

# GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON

Basahin: **1 Corinthians 11:23-29**

*Para sa nanonoof online:*

MAGHANDA NG TINAPAY AT JUICE

## BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?

- Ito ay isang simbolikong pagkain na itinatag ng ating Panginoong Hesus bilang paalala ng Kanyang ginawa para sa atin. Dapat nating ipagdiwang ito nang madalas at alalahanin si Hesus dahil sa papamagitan nito, naipapahayag natin ang Kanyang kamatayan hanggang sa muling pagdating Niya (v. 26)
- Bago pinaghati-hati ni Jesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Jesus ay nagpasalamat (v. 24). Si Jesus ay nagpapasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kaniyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

## ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Jesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (v.24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Jesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (v.25)
- Hindi natin itinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Cristo o di kaya'y ang alak o juice ay literal din na nagiging dugo Niya.
- Sa halip, ating ipinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Panginoon, kung sino Siya at kung ano ang Kaniyang mga nagawa.
- Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kaniya at natupad Niyang gawain sa mundo.

## ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang na loob sa tuwing tayo's tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Jesus para:
  - — sa Kaniyang libreng regalo na kaligtasaan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
  - — sa Kaniyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
  - — sa ating pagkakakilala sa Kaniya (Diyos, Panginoon, Tagapagligtas)
  - — mga pagpapala tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan, atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
  - — mga pagkakataong makapaglingkod sa Kaniya at sa Kaniyang mga alagad (pamilya, kaibigan, simbahan).
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Jesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relasyon (biolohikal at espiritwal na pamilya, mga kaibigan, Dgroups).
  - — sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal.
  - — kung paano Niya tayo gagabayan sa taong ito, (indibidwal, bilang isang pamilya, bilang isang bansa).
  - — ang pangako na Siya ay babalik muli.
- Gumugol ng oras para makapagnilay-nilay.

Kumain ng tinapay at juice at isara sa panalangin



# MGA PANALANGIN

## MGA BANSA

1. Global revival – nawa'y mapagtanto ng mundo ang kanilang pangangailangan kay Kristo at maipahayag ng mga tagasunod ni Kristo ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa
2. Para mamagitan ang Diyos sa pagpapaunlad ng ekonomiya; pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan sa mundo, sa pagtataguyod ng dignidad at kabanalan ng buhay, at patuloy na mamuhay ang mga tao ng may kaayusan at takot sa Diyos sa kabila ng napakagulong panahon
3. Ipagdasal na magkaroon ng kapayapaan ang mga bansang may labanan, digmaan, at problemang ekonomiya
4. Ipagdasal ang CCF Beyond at ang ating mga International Missionary Partners na manatiling matatag at ligtas sa kabila ng pagkokontra sa kanilang pananampalataya at maipagpatuloy ang paghahayag ng Mabuting Balita at maparami ang mga tagasunod ni Cristo

### ANG PILIPINAS

5. Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa – na lahat tayo ay matutong magmahal sa Diyos at magmahalan sa isa't-isa tulad ng pagmamahal ni Cristo sa atin. Ang bawat Pilipino ay makakilala kay Jesus at makilala sila sa kanilang pagmamahal kay Cristo
6. Ipagdasal ang kapakanan ng ating bansa – kasama ang mga lider na nanunungkulan, na ang lahat ay lumapit sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa pagharap sa mga problema ng ating bansa.
7. Ipagdasal ang mga lider para panindigang isabuhay ang mga turo ng Bibliya at maging halimbawa ng maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya – para sila ay maglinkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon at patnubay:

- Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Gabinete, at Taga-payo
- Ang mga Senador at mga Kongresista
- Punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
- Hukbong Militar at Pulisya
- Lokal na Pamahalaan at mga Opisyalng Barangay

8. Na ang mga nangungurakot na opisyal ay malantad at managot sa hustisya; pagbabago ng sistema ng gobyerno sa ating bansa at panindigan ang pagkamatuwid, katarungan, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya
9. Ipagdasal ang mga pangunahing isyu ng bansa (katatagan ng ekonomiya, problema sa droga, katiwalian sa gobyerno, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa at human trafficking, pagkawatak-watak ng pamilya at pagkalayo ng mga magulang, pagbaba ng moralidad, pagsamba sa diyos-diyosan, materyalismo, mga pinahahalagahang hindi maka-Diyos, pornograpiya, imoralidad, ginagawa ng mga taong kabilang sa LGBTQIA+, pagtaas ng bilang ng mga biktima ng HIV, pagbubuntis ng mga kabataan, pagkalito sa kasarian, pagka-adik sa cellphone, problema sa trapiko, mga batas at panukalang batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos)
10. Ipagdasal na mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ang tumanggap kay Hesu-Cristo bilang Panginoon at tagapagligtas at magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Kanya

## ANG ATING IGLESIA

1. Ipagdasal ang lahat ng mga lider at miyembro ng CCF na mamuhay na may pagmamahal sa Diyos at sa iba, kadalisayan at kabanalan, at pagpapakumbaba
2. Ipagdasal ang tapat na pagtupad sa misyon ng Diyos para sa CCF (to honor God and to make Christ-committed followers who will make Christ-committed followers)
3. Ipagdasal si Pastor Peter Tan-Chi at kaniyang pamilya (kabanalan, pagiging malapit sa Panginoon, karunungan, at lakas para pangunahan ang CCF discipleship movement, manatiling Puspos ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras)
4. Ipagdasal ang mga CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff members, at mga volunteers na manatiling magkaroon ng alab sa paglilingkod sa Diyos, kabanalan, mabuting kalusugan at proteksiyon, espirituwal na paglago at pagiging malapit sa Panginoon, kontrolado at pinalalakas ng Banal na Espiritu, patuloy

na mamuhay ng may moralidad at integridad. Ipagdasal ang bawat pangalan na makikita sa: ccf.org.ph/meet-the-team/

5. Ipagdasal ang CCF na maging epektibo sa pag-abot sa mga tao at patuloy na magparami ng mga tagasunod ni Jesus. Na lahat ng mga miyembro ng CCF ay patuloy na magpahayag ng Mabuting Balita sa kani-kanilang pamilya/kamag-anak, mga kaibigan, at ibang tao ng may kaugnayan sa kanila
6. Ipagdasal na ang mga CCF members ay mapuspos ng Banal ng Espiritu at tapat na nananalangin
7. Abutin ang mga kabataan sa pamamagitan ng Elevate campus ministries sa mga eskuwelahan, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa

## PAMILYA

1. Ang bawat pamilya ay laging nakatuon kay Cristo
2. Ang mga lalaki ay magmamahal sa kanilang mga asawa at maging spiritual leaders sa kanilang tahanan
3. Ang mga babae ay gumagalang at nagpapasakop sa kanilang mga asawa
4. Ang mga ama at ina ay maging huwaran ng maka-Diyos na pag-uugali sa kanilang mga anak
5. Ang mga magulang ay maging intensyonal sa pagdidisipulo ng kanilang mga anak
6. Ang mga anak ay sumunod at gumalang sa kanilang mga magulang
7. Pagpapatawaran at pagsasa-ayos ng mga relasyon – na ang mga miyembro ng pamilya ay mamuhay na may pag-ibig at paggalang, magkasamang naglilingkod sa Diyos at sa ibang tao
8. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

## PINANSYAL

1. Makalaya sa utang
2. Mabuting pamamahala ng pera ng Diyos at mga pagpapalang pinansyal
3. Ang magbigay nang bukas-palad at masaya ayon sa Kanyang patnubay
4. Paglago sa Negosyo, propesyon, at tungkulin sa trabaho

## PERSONAL NA TAGUMPAY

1. Spiritual revival – para makilala at lalong maging malapit sa Diyos, kalugud-lugod na mamuhay para sa Diyos at may paggalang sa Kaniya
2. Magkaroon ng pag-uugaling tulad ni Cristo sa pamamagitan ng pagiging Puspos ng Banal na Espiritu at makataan ng bunga ng Espiritu (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili)
3. Pisikal na kagalingan at pamumuhay ng balanseng buhay (umunlad sa karunungan at abilidad sa tulong ng Diyos at tao)
4. Tagumpay laban sa kasalanan at masasamang ugali
5. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka kung saan ka maglilingkod, magkaroon ng bagong lakas at sigasig na magboluntaryo sa gawain ng Diyos

## MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA IPAPANALANGIN

(ipanalangin ang iyong personal na mga petisyon)


# PAANO SINAGOT NG DIYOS ANG IYONG DASAL?

**IBAHAGI ANG IYONG KUWENTO AT ITURO ANG MGA TAO KAY CRISTO.**

i-tag kami sa: **#CCFAnsweredPrayer**

mag-email sa amin: **questions@ccf.org.ph**
**testimonies@ccf.org.ph**

sumulat sa amin: **write your answered prayers on a tithe envelope and drop it in the tithe box**



# PRAY o'CLOCK

**EVERY FRIDAY** 12:00 NN to 1:00 PM
*PH TIME*

**go.ccf.org.ph/POC2026**
MEETING ID: 928 8374 2198
PASSWORD: prayer

Join us **LIVE** or watch **ON DEMAND** after the livestream

/ccfmainTV ccfmain

INTENTIONAL DISCIPLESHIP CONFERENCE

# BROKENNESS

## THE FOUNDATION OF TRUE LEADERSHIP

JANUARY 29-31, 2026 | CCF CENTER

CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

(02) 8866-9900

questions@ccf.org.ph

ccf.org.ph

facebook.com/CCFmain

instagram.com/CCFmain

youtube.com/CCFmainTV

C5 corner Ortigas Avenue,
Ortigas East, Pasig City